# PAANO MAGSUSUMBONG NG RASISMO AT DISKRIMINASYON SA PAARALAN NG IYONG ANAK



Tagalog

**Ang iyong anak ay nararapat igalang, pahalagahan at tratuhin nang kapantay ng iba sa mga komunidad ng paaralan.**

**Ang diskriminasyon o pang-aabuso batay sa relihiyon o lahi ay hindi hinahayaan.**

Kung ikaw ay magulang o tagapag-alaga ng isang bata na nakaranas o nakakita ng diskriminasyon dahil sa relihiyon o lahi o pang-aabuso sa kaniyang paaralan, hinihikayat ka naming isumbong ito.

Titiyakin ng mga kawani ng paaralan na mabibigyan ito ng angkop na aksyon at suporta.

Maaaring naisin mong gumawa ng pormal na reklamo tungkol sa insidente sa paaralan o tanggapan sa rehiyon.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang: [Maghain ng reklamo o alalahanin tungkol sa iyong paaralan (education.vic.gov.au)]

## ISUMBONG ANG ISANG INSIDENTE SA HOTLINE NG PAGSUMBONG NG RASISMO (REPORT RACISM HOTLINE)

**Report Racism Hotline**

1800 722 476

report.racism@education.vic.gov.au

Bukas ang hotline mula 9:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes, hindi kasama ang mga pista opisyal.

Kung hindi ka komportableng magsumbong ng isang insidente sa paaralan ng iyong anak, o kung hindi ka nasiyahan sa tugon ng paaralan, maaari kang makipag-ugnayan sa Report Racism Hotline ng Kagawaran.

Kung tatawag ka sa hotline, magagawa mong:

- pag-usapan ang paghain ng reklamo
- isaalang-alang ang mga makukuhang opsyon at kung ano ang susunod mong gagawin
- humingi ng tulong upang makipag-ugnayan sa mga opisyal ng rehiyon at mga suportang serbisyo.

## HUMINGI NG PAGPAPAYO SA TELEPONO AT SUPORTA SA PAMAMAGITAN NG PARENTLINE

**Parentline**

13 22 89

www.parentline.vic.gov.au

Bukas ang Parentline mula 8:00 ng umaga hanggang hatinggabi, pitong araw sa isang linggo, kasama ang mga pista opisyal.

Maaaring naisin mo ring makipag-ugnayan sa Parentline upang humingi ng payo at suporta mula sa isang kwalipikadong tagapayo na independyente sa Kagawaran.

Ang Parentline ay isang kumpidensyal at hindi pagkakakilanlang serbisyong pagpapayo sa telepono para sa mga magulang at tagapag-alaga ng mga bata mula kapanganakan hanggang 18 taong gulang.

May makakausap na mga tagapayo tungkol sa maraming isyu sa pagiging magulang, kabilang ang diskriminasyon o pang-aabuso sa paaralan.

## MAKAKATULONG NA IMPORMASYON

Para sa karagdagang impormasyon sa pagsusumbong ng diskriminasyon at pang-aabuso dahil sa relihiyon o lahi sa mga paaralan, tingnan ang: [Isumbong ang rasismo at diskriminasyon dahil sa relihiyon sa mga paaralan (education.vic.gov.au)]

Para sa higit pang impormasyon at mga mapagkukunan tungkol sa pagtugon sa pambu-bully, kabilang ang pambu-bully ng lahi, tingnan ang: [Mga Pampigil ng Pambu-bully (education.vic.gov.au)]

**Pambansang Serbisyo ng Pagsasalinwika at Pag-iinterprete (TIS)**

Ang mga magulang o tagapag-alaga na nangangailangan ng mga serbisyo ng pagsasalinwika ay maaaring makipag-ugnayan sa Kagawaran o Parentline sa pamamagitan ng pagtawag sa Pambansang Serbisyo ng Pagsasalinwika at Pag-iinterprete (TIS) sa 13 14 50.

THE EDUCATION STATE

VICTORIA State Government | Education and Training